Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-26 NG SETYEMBRE, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN |
| | Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 222-T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGTATALAGA NG MGA KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN UPANG KUMATAWAN SA MGA "SPECIAL BODIES" NG PAMAHALAANG BAYAN..*

*SAPAGKA'T*, binigyang-pagpapahalaga ng Kgg. Sangguniang Bayan ang pagtatalaga ng mga kagawad ng sangguniang ito upang kumatawan sa mga "special bodies" na bubuuin at isasaalang-alang ng pamahalaang bayan mula sa mga relasyong pangmamamayan at di-pampamahalaang organisasyon at pribadong sektor upang maging aktibong kabalikat nito tungo sa pagtatamo ng isang pamahalaang may kasarinlan, kapayapaan at kaayusan;

*SAPAGKA'T*, ang mga itinalagang kagawad ng sangguniang ito ay pinili, ayon sa mga lupon ng Sangguniang Bayan na kanilang pinamumunuan at upang makabahagi ng mga kinikilalang "special bodies" sa pagganap ng tungkulin sa paglilingkod sa pamayanan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jeffrey A. Villasenor, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Roselon F. Pamatmat at Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na pagtibayin ang pagtatalaga ng mga Kagawad ng Sangguniang Bayan upang kumatawan sa mga 'special bodies' ng pamahalaang bayan tulad ng mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Local School Board – | Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat<br>Kgg. Kag. Jeffrey A. Villaseñor |
| Local Health Board - | Kgg. Kag. Purita P. Sarmiento |
| Local Development Council - | Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. |
| Local Peace and Order Council - | Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez |
| Local Pre-qualification Bids & Awards Committee – | Kgg. Kag. Eugenio A. Javier Jr. |
| Peoples Law Enforcement Board - | Kgg. Kag. Florencio C. Odejar |

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at Liga ng mga Punong Barangay, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan - Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO [illegible] PANGANIBAN
Punong Bayan